

Seasons for Growth

(Mga Panahon sa Pagsulong)

Ang Program para sa Mga Bata at Mga Kabataan



Ang Seasons for Growth ay nagpapalakas sa social at emosyonal na kapakanan ng bata at mga kabataan na umaangkop sa mga karanasan ng pagbabago, kawalan at pagdadalamhati sa kanilang mga buhay, tulad ng pagkatapos ng kamatayan, paghihiwalay at diborsyo.

Ano ang Seasons for Growth?

Ang Seasons for Growth ay isang programa ng edukasyon na batay sa mga katibayan, na gumagamit ng imahe ng mga season para matulungan ang mga bata at kabataan na maunawaan at makatugon nang husto sa mga karanasan ng pagbabago, kawalan at pagdadalamhati.

Ang mga bata at kabataan ay natututo na ang pagbabago at kawalan ay bahagi ng buhay at hindi sila nag-iisa sa paghaharap sa mga epekto ng mga karanasang ito. Natututo rin ila na ang komunikasyon, pagdedesisyon at ang mga kakayahan sa paglulutas ng problema ay nakakapagbigay sa kanila ng suporta na umaangkop sa kanilang bagong mga kapaligiran.

Para kanino ito?

Mga bata at kabataan na may edad na 6-18 na sumasailalim sa mga epekto ng pagbabago at kawalan. Maraming mga pagbabago ang maaaring maganap sa buhay, tulad ng:

- kawalan ng tao o bagay na mahal mo
- paghihiwalay ng magulang o pamilya
- epekto ng karamdaman
- mga pagbabago sa buhay sa pagitan ng trabaho-pamilya
- paglipat sa isang bagong lugar
- mga kaibigan na dumadating at umaalis sa buhay.

Ang Seasons for Growth ay naghahandog ng isang ligtas na lugar kung saan ang mga bata at kabataan, anuman ang iba't iba nilang mga pangangailangan, pagkakakilanlan, at background ng kultura, ay maaaring mahanap ang kanilang boses, makapagdesisyon, maka-impluwensya sa iba, at makipagtulungan. Ang mga kalahok ay nakikipag-ugnayan sa iba pang mga humaharap sa mga katulad na karanasan at makakapagtatag ng pakiramdam na kabilang sila at nauunawaan.




Paano ito gumagana?

Ang Seasons for Growth ay isang maliit na group program na pinagsasama ang psychology at edukasyon na may peer support, sa pamamagitan ng pagtuon sa indibiduwal na pag-aaral. Ginagamit nito ang metaphor ng mga season para matuklasan ang likas na yugto ng pagdadalamhati, at batay sa mga gawain sa pagdadalamhati ni William Worden.

Ang Children and Young People's program ay naglalaman ng mga angkop sa paglaki na mga talakayan at aktibidad. Ang Seasons for Growth ay pinapakitang normal ang mga karanasan ng mga kalahok, at maaaring maparami ang mga mapagmumulan ng proteksyon (kasama na ang pagpapatibay sa tiwala sa sarili at pakikipagkapwa) habang binabawasan ang ilang mga factor (kabilang na ang pagbubukod) na nakaka-impluwensya sa kalusugang pangkaisipan at kapakanan ng tao. Sinusuportahan rin ng program ang development ng kakayahan sa komunikasyon, pagdedesisyon at paglulutas ng mga problema.





Seasons
for Growth



Paano binubuo ang mga group?

Ang program ay tumatagal ng 8 session na may mga grupo na buo ng 4-7 kalahok at pinapangasiwaan ng mga trained na adult na tinatawag na "Companions". Ang mga guro, counsellor, psychologist, social worker, chaplain at health professional ay ineendorso ng kanilang paaralan o organisasyon para sumailalim sa dalawang araw na workshop para mapatupad ang programa at maging kuwalipikado na maging isang Companion.

Ang mga bata at kabataan na kalahok sa grupo ay binibigyan ng isang ligtas na espasyo upang matuto, magbahagi at makapag-isip at sinusuportahan ng mga malikhaing aktibidad at magandang nailalarawang mga journal para sa mga kalahok.

Mga resulta ng program

Ang Seasons for Growth ay nagbibigay ng suporta at espasyo para sa mga bata at kabataan upang:

- **matutunan** kung paano natutugunan ng iba't ibang tao ang pagbabago, kawalan at pagdadalamhati
- **maunawaan** na normal na makaranas ng iba't ibang mga reaksyon sa pagdadalamhati
- **matuklasan** ang mga bagong pamamaraan para harapin ang pagbabago, kawalan at pagdadalamhati sa kanilang mga buhay
- **matatag** ang komunikasyon, pagdedesisyon at paglulutas ng mga problema
- **sumali** sa isang nagbibigay suportang grupo ng mga peer at adult
- **maisama** ang kanilang mga natutunan sa kanilang mga relasyon sa pamilya, kaibigan at iba

Ang lahat ng mga program ay naghahandog ng isang ligtas na lugar kung saan ang mga kalahok, anuman ang iba't ibang nilalang, pangangailangan, pagkakakilanlan, at background ng kultura, ay maaaring mahanap ang kanilang boses, makapagdesisyon, maka-impluwensya sa iba, at makipagtulungan. Ang mga kalahok ay nakikipag-ugnayan sa iba pang mga humaharap sa mga katulad na karanasan at makakapagtatag ng pakiramdam na kabilang sila at nauunawaan.

"Ang Seasons for Growth ay tunay na isang programa para sa kasalukuyan nating panahon."

– Companion Seasons for Growth

Katibayan at evaluation

Hanggang ngayon, maraming mga review at evaluation ang naisagawa at patuloy nilang inuulat na ang Seasons for Growth na mga program ay tunay na positibo, malugod na tinatanggap at kapaki-pakinabang para sa mga bata at kabataan. Napatunayan sa mga pinakahuling evaluation na tiyak na nagawa ng program:

- ang pagtatag ng pag-uunawa at mga kakayahan sa pamamahala ng pagbabago, kawalan at pagdadalamhati
- pinapahusay ang kapakanan ng damdamin ng kalahok
- pinapahintulutan ang mga kalahok na maipahiwatig ang kanilang mga pananaw, nasasa isip at damdamin
- pinapalakas ang mga social at support network ng kalahok

Dagdag pa, kinilala ng Research Impact NSW (2019) na ang mga program ay "nagtataguyod ng kakayahang makabangon at nagbibigay halaga sa sarili, tinatanggap na normal lang ang pagdadalamhati, nagpapatatag sa suporta mula sa mga kasamahan at nag-aaruga ng positibong mga estratehiya sa pagharap sa mga problema."

Ang Seasons for Growth Children and Young People's Program ay ineendorso ng kalusugan ng pag-iisip ng edukasyon ng estado na batay sa katibayan na mga menu ng programa para sa kalusugan ng pag-iisip at nakalista sa [Australian Institute of Family Studies, Communities for Children Facilitating Partner Evidence-Based Programme Guidebook](#).

Ang MacKillop Seasons ay nagsasanay at sumusuporta sa mga propersiyonal upang makapaghandog sa ating mga maliliit na group program sa mga paaralan at organisasyon sa komunidad.



Kinikilala ng MacKillop Family Services (Mga Serbisyo sa Pamilya ng MacKillop) at mga Traditional Custodian at ang Mga Mas Nakakatanda sa bawat isa sa mga komunidad kung saan kami aktibong nagtatrabaho.



Ang ating Seasons for Growth small group program ay malugod na tumatanggap sa diversity at inclusivity, na sinisigurado na ang lahat ng mga bata – anuman ang kanilang kapansanan, mga pangangailangan sa pag-aaral, kasarian, background sa kultura, o pinagmulang First Nations – ay maaaring ganap na maging bahagi at magsumikap.



MacKillop Seasons
1300 379 569
mackillopseasons.org.au